Republika ng Pilipinas
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**Rehiyon ng Isla ng Negros**
***SANGAY NG NEGROS ORIENTAL***
Siyudad ng Dumaguete

Hulyo 13, 2017

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 365 , s. 2017

**MGA PANUNTUNAN AT PAMANTAYAN SA MGA TAMPOK NA PALIGSAHAN NG LANGUAGE ARTS SHOW**

PARA SA : Katuwang na Tagapamanihala ng Dibisyon
Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok

---

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang Mga Panuntunan at Pamantayan sa mga Tampok na Paligsahan ng Language Arts Show.

2. Kalakip nito ang sipi ng mga panuntunan at pamantayan para sa Language Arts Show.

3. Hinihikayat ang mga tagamasid ng purok ang agarang pagpapalaganap at pamamahala ng gawain.

4. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

**LELANIE T. CABRERA, CESE**
Assistant Schools Division Superintendent
Officer-In-Charge

LTC/raj

14 JUL 2017

# MGA PANUNTUNAN SA PALIGSAHAN PARA SA LANGUAGE ARTS SHOW 2017

## 1. DAGLIANG TALUMPATI

A. PATNUBAY SA KALAHOK

DAGLIANG TALUMPATI

B. KALAHOK

1. Bukas ang patimpalak sa mag-aaral na nasa Senior High School.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang kalahok ay may gabay na isang tagapayo/tagapasanay

C. PANUNTUNAN

1. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras sa paligsahan
2. Siya ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok.
3. Ang bawat kalahok ay bibigyan ng bbtatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minute naman sa pagtatalumpati. May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati

| | | |
|---|---|---|
| 1-30 segundo | - | .5 puntos |
| 31-60 segundo | - | 1 puntos |
| 61 segundo-pataas | - | 2 puntos |

4. Itataas ang bandilang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at bandilang pula kung tapos na ang itinakdang oras.
5. "Corporate attire" ang inaaasahang kasuotan ng kalahok.

D. PAMANTAYAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| Katapatan | | – | 35% |
| | Kaugnayan sa paksa | ( 20%) | |
| | Pagbibigay-diin o damdamin | ( 15%) | |
| Hikayat | | – | 25% |
| | Dating sa madla | ( 5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan | ( 5%) | |
| | Kilos, galaw, kumpas | (10%) | |
| | Expresyon ng mukha | ( 5%) | |
| Tinig | | | 20% |
| | Lakas | (5%) | |
| | Taginting | (5%) | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Bigkas | Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%) | – | 20% |
| | Matatas at maliwanag (10%) | | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | | |
| Kabuuan: | | - | 100% |

2. **INTERPRETASYONG PAGBASA** (Pagbibigay interpretasyon sa wastong pagbasa ng Talumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang Pagbasa nmg Tula)

A. MGA KALAHOK

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral na binubuo ng isang pangkat na may apat na kasapi mula sa baitang 7,8,9,10.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat pangkat na kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
2. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat Kalahok.
3. Bibigyan ng sampung (10) minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
4. Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda.
5. Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng sampung minute, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok.
6. Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok, samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa is apang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin.
7. Dapat na ang interpretasyon ay nakangkop sa genreng nakasulat sa piyesa.
8. Ang kasuotan ng mga kalahok ay pantalong maong at putting t-shirt.
9. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minute kasama ang pagpasok at paglabas ng mga kalahok.
10. Walang anumang "props" o kagamitan, background music at instrument na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok.
11. Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib.

C. PAMANTAYAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| Katapatan | | - | 40% |
| Pagpapalutang ng diwa | (20%) | | |
| Pagbibigay-diin sa damdamin | (20%) | | |
| Hikayat | | – | 20% |
| Pang-akit sa madla | (5%) | | |
| Pagbibigay buhay sa tauhan | (5%) | | |

Tindig (5%)
Kumpas/kilos (5%)

Bigkas - 20%

Matatas at maliwanag (10%)
May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%)
May wastong diin at intonasyon (5%)

Tinig - 20%

Lakas (5%)
Tagínting (5%)
Kaangkupan ng diwa at damdamin (5%)

Kabuuan - 100%

**Paalala:** Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang electronic gadgets sa holding area at sa buong panahon ng pagtatanghal. Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa holding area. Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.Ang paglabag ditto ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

**3. TULA**

A. MGA KALAHOK

1. Ang paligsahang ito ay bukas para sa mga mag-aaral mula sa baitang 4-6.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Malaya ang bawat kalahok na hahanap ng piyesa mula sa mga tula ni Balagtas.
2. Mayroong 2-3 minuto lamang ang nakalaang oras sa pagtatanghal.
3. Ang mga kalahok ay dapat nakasuot ng kasuotang Pilipino sa pagtatanghal.

C. PAMANTAYAN

Interpretasyon - 60%

Tinig (20%)
Bigkas (20%)
Kumpas at ekspresyon ng mukha (20%

Piling Piyesa - 20%
Panghikayat sa madla - 20%

Kabuuan - 100%

**4. BALAGTASAN**

A. MGA KALAHOK

1. Ang paligsahan na ito ay bukas sa mga mag-aaral mula sa baitang 7-10.
2. Ang paligsahang ito ay pangkatan. Bawat pangkat ay may tigtatatlong kasapi.
3. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang pangkat na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
4. Ang bawat pangkat ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Kailangang orihinal na komposisyon ang piyesa na ilalahad kaugnay sa tema ng paligsahan.
2. Ang piyesa ay bubuuin ng tigtatatlong tayuan. Bukod pa rito ang panimula at pagtatapos ng lakandiwa.
3. Binibigyan ng 5-7 minuto lamang ang bawat koponan sa pagtatanghal.

C. PAMANTAYAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | | - | 30% |
| Piyesa | (15%) | | |
| Tema | (15%) | | |
| Pagbigkas | | - | 25% |
| Lakas | (15%) | | |
| Tono | (10%) | | |
| Paggalaw | | - | 25% |
| Kumpas ng kamay | (15%) | | |
| Ekspresyon ng mukha | (10%) | | |
| Kasuotan | | - | 10% |
| Pagtanngap ng madla | | - | 10% |
| Kabuuan | | - | 100% |

**5. LIKHAWIT**

A. MGA KALAHOK

1. Ang paligsahang ito ay bukas para sa mag-aaral mula sa baiting 11-12.
2. Ang bawat pangkat ay binubuo ng 3 hanggang 7 na kalahok bilang kasapi ng pangkat bilang composer, vocalist, instrumentalists.
3. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
4. Ang bawat pangkat/kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Ang bawat pangkat ay lilikha ng isang awitin tungkol sa kanilang lugar. Ito ay itatanghal nila sa oras ng paligsahan.
2. Ang haba ng pagtatanghal ay 3-5 na minute lamang.
3. Hindi dapat masagwa, bastos, magaspang, nakakasakit nang damdamin ang liriko ng awiting ginawa.
4. Ang interpretasyon ay maaaring gawin ng composer mismo o iba. Sasaliwan ito ng musika sa pamamagitan ng aktuwal na pagtutugtog ng mga instrumento.

5. May tatanghaling "Best in Composition" at Best Performance".
6. Ang disisyon ng mga hurado ay pinal at hindi magbabago.

C. PAMANTAYAN

KOMPOSISYON 50%

| | | |
|---|---|---|
| Liriko/nilalaman | - | 40% |
| Musikalidad | - | 40% |
| Dinamiko | | |
| Ritmo | | |
| Tiempo | | |
| Melodiya | | |
| Mesahe at kaangkupan sa paksa | - | 20% |
| Kabuuan | - | 100% |

PERFORMANCE 50%

| | | |
|---|---|---|
| Interpretasyon | - | 25% |
| Kalidad ng Boses | - | 25% |
| kaangkupan sa paksa | - | 20% |
| Hatid sa madla | - | 10% |
| Musikalidad | - | 20% |
| Kabuuan | - | 100% |

**6. PUPPETRY**

A. MGA KALAHOK
1. Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral mula sa baitang 11-12.
2. Ang bawat pangkat ay binubuo ng tatlong kalahok
3. Ang nararapat na lumahok sa paligsahan na ito ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat kalahok/pangkat ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN
1. Malaya na pumili o gumawa ng kanilang puppet ang bawat pangkat.
2. Malaya ang kalahok sa paggamit ng istilo sa pagtatanghal.
3. Gagawa ang bawat kalahok/pangkat ng kanilang sariling kuwento batay sa tema ng Language Arts Show.
4. Bibigyan ng 5-7 minuto na pagtatanghal ang bawat koponan?

C. PAMANTAYAN

| | | |
|---|---|---|
| Pagkamalikhain | - | 40% |
| Paglalahad at pagsasabuhay ng isang tauhan | - | 30% |
| Kuwento/nilalaman | - | 20% |
| Panghikayat sa madla | - | 10% |
| Kabuuan | - | 100% |

7. **DEKLAMASYON**

A. MGA KALAHOK

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa baitang 4-6.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Iisang piyesa ang pagbabatayan mula sa dibisyon.
2. May 5-7 minuto lamang ang bawat kalahok sa pagtatanghal.
3. Ang kasuotan ng magtatanghal ay kailangang naaangkop sa katauhan na namumukod tangi sa piyesa.
4. Ang desisyon ng mga hurado ay pinal at hindi pwedeng mababago.

C. PAMANTAYAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| Interpretasyon | | - | 75% |
| Tinig | (25%) | | |
| Bigkas | ( 25%) | | |
| Kumpas at ekspresyon ng mukha | ( 25%) | | |
| Angkop na kasuotan | | - | 15% |
| Hikayat sa madla | | - | 10% |
| Kabuuan | | - | 100% |

8. **ISPELING**

A. MGA KALAHOK

1. Ang kalahok sa paligsahang ito ay mula sa baitang 4-6.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Saklaw ng mga salitang gagamitin sa ispeling ang kayarian ng mga salita, masinop at ortograpiya ng Filipino.
2. Mayroong tatlong kategorya ang nasabing paligsahan (madali, katamtaman, mahirap)
3. Gagamitin sa pangungusap ng punong mambabaybay ang salita na iispel ng kalahok upang mas madaling maintindihan ang mga ito.
4. Ang bawat salita na iispel ng mga kalahok ay bibigyan ng 10 segundo para sa madali, 15 segundo para sa katamtaman, at 20 segundo para sa mahirap.
5. Mayroong punong mambabaybay, lupong tagahusga, taga-ingat ng oras, at iskorer na dapat mamamahala sa paligsahang ito.
6. Ang opisyal na Diksyunaryong gagamitin sa paligsan ay ang mga sumusunod: UP Dictionary sa Filipino, Diksyunaryong Filipino, Filipino Atlas at Masinop
7. Ang kalahok na makakakuha ng pinakamataas na puntos ang siyang tatanghaling panalo.

**9. VOCAL SOLO**

A. MGA KALAHOK

1. Ang paligsahang ito ay para sa mga mag-aaral mula sa baitang 4-6.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat kalahok ay may gabay ng isang tagapayo/tagapagsanay.

B. PANUNTUNAN

1. Ang awiting itatanghal ay isang OPM-pop song-Filipino.
2. Ang kalahok ay kailangang gumamit ng minus-one.
3. Ang kalahok ay malayang pumili ng kasuotan na angkop sa kayang awitin.
4. Ang aksiyon ng mga hurado ay pinal at hindi na mababago.

C. PAMANTAYAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| Interpretasyon | | - | 60% |
| Kalidad ng Boses | (20%) | | |
| Dinamiko | ( 20%) | | |
| Ekspresyon at bigkas | ( 20%) | | |
| Pyesa at musikalid | | - | 20% |
| Tikas sa rentablado at Panghikayat sa madla | | - | 20% |
| Kabuuan | | - | 100% |

**10. MOVIE TRAILER**

A. MGA KALAHOK

1. Bukas ang paligsahan sa mga mag-aaral mula sa baitang 7-10.
2. Ang nararapat lumahok sa paligsahan ay ang mag-aaral na nagwagi sa LAS ng Congressional Level.
3. Ang bawat distrito ay magsumite ng kanilang entri na binubuo ng apat(4) na kasaping mag-aaral at isang (1) gurong tagasanay

B. PANUNTUNAN

1. ang bawat kalahok ay inaasahang magdala ng sarili nilang kagamitan para sa paligsahan tulad ng camcorder, CD player at laptop.
2. Ang software na gagamitin ay bukas para sa ikagaganda ng movie trailer.
3. Bawat pangkat ay magpasa ng bagong SD card o flashdrive na walang laman sa komite na gagamitin sa paligsahan.
4. Ang mga kalahok ay inaasahang magdala ng posibleng mga kasuotan at mga kakailanganing props na gagamitin sa paggawa ng movie trailer.
5. Ang pangkat ang inaasahang susulat ng iskrip at magpalabas ng dalawa-tatlong (2-3) minuto na movie trailer batay sa itinakdang oras.
6. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan na kaugnay sa tema ng Language Arts Show 2017.
7. Gagawa ang bawat pangkat ng iskrip at pagdudokyumento sa umaga at pagsasagawa nito.
8. Ang pagpapalabas ng movie trailer ay magaganap sa bandang hapon na siyang huhusgahan ng mga inampalan.

C. PAMANTAYAN

| | | | |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng Iskrip | | - | 30% |
| Kaangkupan sa tema | (15%) | | |
| Orihinalidad | (15%) | | |
| Pagpapalabas | | - | 70% |
| Screenplay/Setting | (15%) | | |
| Sinematograpiya | (15%) | | |
| Teknikal na Produksiyon | (15%) | | |
| Soundtrack | (15%) | | |
| Dating sa Manonood | (10%) | | |
| Kabuuan | | - | 100% |